THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 16 | Feb. 27, 2023 - Mar. 05, 2023

WHAT'S INSIDE?

3 INAUGURATION AT TURN-OVER NG RECIRCULATING DRYER SA NAUJAN, ISINAGAWA

# PAGPUPULONG, ISINAGAWA KAUGNAY NG LUMUBOG NA TANKER MALAPIT SA BAYAN NG NAUJAN



INATASAN noong Marso 1, ni Gobernador Humerlito Bonz Dolor ang Provincial Agriculture Office (PAGO) sa ilalim ng pamumuno ni Provincial Agriculturist Christine Pine na makipag-ugnayan sa tanggapan ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) hinggil sa nangyaring insidente ng paglubog ng isang motor tanker malapit sa baybay karagatan ng bayan ng Naujan.

Sa isinagawang Provincial Disaster Risk Reduction and Management Council First Quarterly Meeting via zoom na pinangunahan ni Gobernador Humerlito Bonz Dolor bilang chairman, hiningi niya ang pinakahuling ulat hinggil sa naturang insidente. Sa kanyang atas sa PAGO, ipinaaalam niya sa tanggapan ng BFAR ang lawak ng maaaring dalang panganib ng oil spill partikular sa lugar ng pangisdaan mula sa baybay karagatan ng Naujan hanggang Pinamalayan at ipinatutukoy din nya ang eksaktong lokasyon ng naturang lumubog na motor tanker.

Nilinaw sa naturang pagpupulong na ang tinutukoy na oil spill ay mula sa motor ng sinasakyang vessel at hindi ang karga nitong industrial oil na nasa humigit kumulang 800,000 litro ng langis sapagkat ito, anila, ay intact pa. Dahil dito,nakasama sa tagubilin ng Punong Lalawigan sa Philippine Coast Guard na makontamina ang pagkalat ng oil spill at unahin ding gawan ng paraan na mahango ang lulan nitong industrial oil bago pa ito magkadiperensya at kumalat sa dagat.

Kasunod nito, maglalabas din ng executive order ang tanggapan ng Gobernador para sa mga apektadong bayan na bigyang babala ang mga mangingisda na huwag na munang mangisda mula sa baybaying karagatan ng Naujan hanggang sa municipal waters ng Pinamalayan dahil sa hindi pa matiyak na lugar na maaaring maging kontaminado ng naturang oil spill.

Samantala, naiulat na nakapag-deploy na ang PCG ng mga equipment upang makontamina ang spilled vessel motor diesel oil. Iniiwasan dito na maapektuhan ang may 14 na marine protected areas na nasa lugar mula Naujan hanggang Pinamalayan particular ang mga seagrasses at corals nito. Bumuo na rin ng crisis committee o incident management team na ang operasyon ay pangungunahan ng PCG at Department of Environment and Natural Resources at sasamahan ng mga volunteers ng municipal disaster risk reduction rescue team at Oriental Mindoro Reef Monitoring Team. Nangako rin ang MT Princess Empress na makikipagtulungan at nakahandang magbayad ng magiging pinsalang dulot ng naturang insidente.

Sinabi rin ni Gobernador Bonz sa naturang pagpupulong na sa pinakamadaling panahon ay kinakailangan niya ang report ng BFAR hinggil sa misyong iniatas niya rito na kaagad na makapagsagawa ng pag-aaral at pagsusuri ang naturang tanggapan at maibigay ito sa lalong madaling panahon hinggil sa panganib na maaaring maging epekto nito sa mga mangingisda ng naturang bayan at sa kalusugan, sa pangkalahatan, ng mga residente ng mga pamayanang malapit dito.

Matatandaang ang lumubog na MT Princess Empress ay nagmula sa Bataan at tumatahak sa rutang patungo sa Iloilo na may lulang 20 crew members ay nagsimulang lumubog nang ang makina nito ay mag-overheat nitong Pebrero 28, bandang alas 2:00 ng madali g araw. Sa kabutihang palad, nailigtas naman lahat ng nakakitang foreign vessel na MV Efes ang 20 crew na sakay nito. (PIO Calapan)

## Pagkuha ng Inuming Tubig Mula sa Ilalim ng Lupa, Ipinatitigil Dahil sa Oil Spill



AGARANG IPINAGUTOS ni Governor Humerlito "Bonz" A. Dolor, batay sa rekomendasyon ni DOH Secretary Maria Rosario Vergeire, ang pansamantalang pagpapatigil ng pagkuha ng tubig inumin mula sa ilalim ng lupa para sa mga coastal barangay sa lalawigan na apektado ng oil spill noong Marso 5, sa Barangay Calima, Pola.

Ayon Kay Governor Bonz, ang Pamahalaang Panlalawigan ay mamamahagi ng tubig inumin para sa mga apektadong barangay upang maisiguro ang kaligtasan ng mga mamamayan sa maaaring maging epekto sa kalusugan. (PIO Calapan)

## Health Screening Para sa Mga Oil Spill Responders, Isinagawa!



NAGSAGAWA ang Provincial Health Office (PHO) ng Health screening para sa mga oil spill responders sa Buhay na Tubig Pola noong Marso 5, 2023.

Upang masiguro na nasa maayos at malusog na pangangatawan ang mga taong abala sa pagresponde sa pagcontain ng langis na umabot sa Pola, minabuti ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng PHO na magsagawa ng health screening para sa mga ito.

Kasabay nito, nagsagawa rin ang PHO ng health advisory dissemination at oryentasyon sa mga hakbangin para sa kaligtasan ng mga oil spill responders.

Sa pagkakataong ito, isinasaalang-alang ng pamahalaang panlalawigan ang ikabubuti ng mga responders upang magampanan nila ng buong kahusayan ang kanilang tungkulin. (PIO Calapan)


THE TAMARAO JOURNAL
TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER
RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER
RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF
MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER
JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS
MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN
REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT
THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com
WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM

TINGNAN: Nasa 198 police trainees ang magtatapos ngayon sa Batch 2021-05 BUKLOD ALAB-BAGWIS sa kanilang Public Safety Basic Recruit Course (PSBRC) sa Regional Training Center- MIMAROPA, Bansud Oriental Mindoro.

Ang PSBRC ay ang 24-week intensive and progressive training o katumbas ng kanilang anim na buwang pagsasanay sa 1st phase.

Panauhing pandangal si Governor Humerlito Bonz Dolor kung saan binigyan siya ng arrival honors ng mga konsernadong opisyal ng PNP.

Samantala, kaagapay ng gobernador ang kanyang supportive na maybahay, Gng. Hiyas Govinda Ramos-Dolor na personal ding sumaksi sa pagtatapos ng naturang batch ng mga police trainee. (PIO Calapan)





TINGNAN: Personal na hiningi ni Governor Humerlito "Bonz" A. Dolor ang go signal ni Naujan Mayor Henry Joel C. Teves para maipagawa ang karagdagang proyekto sa Provincial Sports Complex sa Santiago, Naujan noong Pebrero 28.

Nais ni Gov. Bonz na magkaroon ng Provincial Sports High School sa Provincial Sports Complex gayundin ang pagpapagawa ng dalawang tennis court na may bakod at sepak takraw court.


Sa kabutihang-palad, hindi nagdalawang isip si Mayor Teves na bigyan ng pahintulot ang Pamahalaang Panlalawigan upang maipagawa agad ito sa lalong madaling panahon.

Kasabay nito, nagsagawa rin si Gov Bonz kasama si Provincial Engineer Edilou B. Tejido ng pagsisiyasat sa sports complex at tinukoy kung saan ilalagay ang karagdagang proyekto.

Kasama sa pagpupulong na ito ang mabuting maybahay ni Gov. Bonz, Gng. Hiyas Govinda Ramos Dolor, Bokal Alely Casubuan, Bokal Faye Ilano-Navarro, Bokal Ahop Agate, Municipal Administrator Engr. Arwin Gayutin at Naujan Municipal Agriculturist Raquelita M. Umali. (PIO Calapan)







For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# INAUGURATION AT TURNOVER NG RECIRCULATING DRYER SA NAUJAN, ISINAGAWA

*"KAKAMPI NINYO ang Oriental Mindoro sa paghahangad na maging self-sufficient tayo pagdating sa pagkain lalo na sa bigas at magiging katuwang ninyo ang probinsyang ito sa pagpo-produce ng higit sa kailangan ng probinsya namin."*

Iyan ang naging mensahe ni Gobernador Humerlito Bonz A. Dolor sa pamunuan ng Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization o PhilMech sa isinagawang inauguration at turnover ng recirculating dryer sa Naujan Agriculture Center sa Andres Ylagan sa ilalim ng Rice Competitive Enhancement Fund (RCEF) Mechanization Program noong Pebrero 28, 2023.

Ang rice processing system na ito ay isa pa lamang sa labing-walong unit na ipapatayo sa ating lalawigan.

Ayon kay Provincial Agriculturist, Christine M. Pine, ang bayan ng Naujan ang nangunguna sa nagpo-produce ng bigas sa buong lalawigan ng Oriental Mindoro kung kaya't dapat lamang na unang makinabang ang mga magsasaka sa naturang bayan.

Ang naturang makabagong makinarya ay kayang magtuyo ng 120 sako na naglalaman ng tig 50 kilong palay. Maaari itong patakbuhin gamit ang kerosene at biomass tulad ng ipa at kusot.

Samantala, ang proyektong ito ay bahagi pa rin ng ika-30 taong anibersaryo ni Gov. Bonz sa pagigiging lingkod bayan. Naniniwala siya na sa pamamagitan ng interbensyong ito, ang pagpapagal ng mga magsasaka ay mas lalong magbubunga dahil mas mapapaangat nito ang kalidad ng mga mapo-produce na bigas sa ating lalawigan. Masisiguro din aniya na magkakaroon ng sapat na pagkain ang mamamayang Mindoreño kahit na sa panahon ng tag-ulan.



Ibinalita naman ni Gob. Bonz kay Naujan Municipal Agriculturist, Raquelita M. Umali na magpapatayo pa ng isang mas malaking dryer at rice mill sa katabi lamang ng naunang gusali. Aniya pa, pinaplano din nila ni First Lady Hiyas Govinda Ramos Dolor na magtayo ng pangisdaan sa Naujan Agriculture Center na pamamahalaan ng grupo ng mga kababaihan upang magkaroon din ng investment sa pang-ulam.

Nangako naman si Gng. Raquelita Umali na itataguyod at pangangalagaan ng buong puso ang mga interbensyon na ipinagkaloob at patuloy na ipagkakaloob ng pamahalaan sa bayan ng Naujan.

Samantala, kasama sa naturang gawain ang ilang mga board member sa unang distrito kabilang ang mga bokal na sina Faye Ilano-Navarro, Alely Casubuan, Ahop Agate, Naujan Municipal Administrator, Engr. Arwin Gayutin na kinatawan ni Naujan Municipal Mayor Joel C. Teves, executive assistant, Jojo De Villa, dating Provincial Agriculturist at ngayo'y Provincial Agriculture and Fisheries Chairperson, Petronilo I. Dimailig, farmers association, Municipal Agriculture officers at local farm technicians. (PIO Calapan)

# MGA KALAHOK SA PINOY NATIONAL CHAMPIONSHIP, BINIGYANG PARANGAL

TUMANGGAP ng cash incentive mula sa Pamahalaang Panlalawigan ang mga atletang Mindoreño sa larong taekwondo na nagkamit ng medalya sa ginanap na 2022 Batang Pinoy National Championships noong Disyembre ng nagdaang taon sa Vigan, Ilocos Sur.

Pinangunahan ni Governor Humerlito "Bonz" A. Dolor ang pagkakaloob ng cash incentive at sertipiko ng pagkilala sa mga atleta sa isinagawang awarding ceremony sa Governor's Office Conference Room noong Pebrero 27.

Sa kaniyang mensahe, pagbati ang ipinaabot ng Ama ng Lalawigan sa mga kabataang atleta gayundin sa kanilang mga magulang dahil sa karangalang natamo sa national competition.

Narito ang mga tumanggap ng cash incentive: Rhai Shawn B. Jaranilla, Gold, 5,000 piso. Benedict Andrei Fortes, Gold 5,000 piso. Berenice Yuri Cupit, Silver, 3,000 piso. Apple Elaine Sula, Bronze, 2,000 piso. Berenice Yuri Cupit, Bronze, 2,000 piso.Mary Bridgette Iguiron, Bronze, 2,000 piso. Bob Andrew Fabella, Bronze, 2,000 piso.

Samantala, tumanggap din ng 5,000 piso si Bob Andrew Fabella na nakakuha ng bronze medal sa 4th Asian Cadet Taekwondo Poomsae Championships sa Ho Chi Minh City, Vietnam noong Agosto 2022. (PIO Calapan)



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 16 Feb. 27, 2023 - Mar. 05, 2023

Sparkle Beauty Salon
LOVE IS IN THE HAIR
O33B LEUTERIO STREET, SAN VICENTE CENTRAL, CALAPAN CITY, ORIENTAL MINDORO
0995 866 4429

# *Farmers and Fisherfolk's Day*

TINATAYANG nasa 239 na mga magsasaka at 152 na mangingisda sa unang distrito ang napagkalooban ng interbensyon ng Pamahalaang Panlalawigan ng Oriental Mindoro sa pamamagitan ng Provincial Agriculture Office o PAgO katuwang ang Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization o PhilMech sa ilalim ng Rice Competitive Enhancement Fund (RCEF) Mechanization Program sa isinagawang pagdiriwang ng Farmers and Fisherfolk's Day sa Mena G. Valencia Gymnasium sa Naujan noong Pebrero 28, 2023.

Napagkalooban ng Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ni Governor Humerlito *"Bonz"* A. Dolor ang mga magsasaka sa unang distrito sa pamamagitan ng PAgO sa pangunguna ni Provincial Agriculturist Christine M. Pine ng corn seeds, abono, planting materials at mga pananim na cacao, sinturis, kalamansi, langka, paminta, lanzones at pomelo, at iba pang mga kagamitang pang-agrikultura. Gayundin, naabutan din ng tulong ang mga mangingisda matapos maipamahagi ang mga motorized banca, bottom set na naglalaman ng lambat, lead sinker, at rubber floaters at iba pang mga kagamitan sa pangingisda.

Iginawad din ni Gov. Bonz ang P355,000.00 pesos na tulong pinansyal para sa value adding projects ng municipal government of Socorro, barangay Sampaguita Victoria, barangay Pagkakaisa Naujan at barangay Batong Dalig ng Socorro.

Nagkakahalaga naman ng 22.8 milyong pisong interbensyon ang ipinagkaloob ng PhilMech na mga makabagong makinaryang pang-agrikultura at postharvest facilities tulad ng four-wheel tractor, hand tractor, walk-behind transplanter, precision seeder, rice combine harvester, 6 Tons recirculating dryer at 1.5 tph multi-stage rice mill.

Sa liham na ipinadala ng mismong direktor ng PhilMech, Dionisio G. Alvindia, hiling niya na alagaan, paka-ingatan, mahalin at siguraduhing ang matatanggap ng mga magsasakang Mindoreno ay aabot pa sa susunod na henerasyon ng mga magsasaka.

Masaya namang ibinalita ni PhilMech Operations Director, Joel Dator na sa kanilang 2023 budget, may nakalaan silang 120 milyong piso para sa Oriental Mindoro.

Mula taong 2019 hanggang 2022, nakapamahagi na ang PhilMech ng 222 units ng mga makabagong makinarya at postharvest facilities sa Oriental Mindoro na nagkakahalagang higit 200 milyong piso. Gayundin, inalalayan naman ng Provincial Cooperative Development Office sa pangunguna ni Mr. Orlando Tizon, ang ilang mga kooperatiba at asosasyon sa unang distrito na nakapag-avail ng interest-free loans para sa kanilang livelihood projects.

Lubos naman ang naging pasasalamat ng mga magsasaka at mangingisda sa unang distrito dahil anila, malaking tulong at kaalwanan ito para makapag-produce ng mga produkto na kailangan ng ating lalawigan kahit na sa panahon ng tag-ulan.

Samantala, inanunsyo ni Gob. Bonz na napirmahan na niya ang ordinansa na pinapayagan na niya na bilhin ang palay na napo-produce ng mga maliliit na farmers sa mas mataas na presyo.

Saksi sa ginawang pamamahagi ng interbensyon sina Vice Governor Ejay Falcon, first lady Hiyas Govinda Ramos Dolor, Naujan Mayor Joel Teves, Baco Mayor Allan Roldan, Victoria Mayor Joselito Malabanan, ilang mga board members sa unang distrito na sina Bokal Faye Ilano-Navarro, Alely Casubuan, Ahop Agate, farmer's associations at Municipal Agriculture officers. (PIO Calapan)









